# Mga Protokol para sa Muling Pagbubukas ng mga Pampublikong Splash Pad

**Kamakailang mga Update:**

6/29/20: Nagbigay ng mga karagdagang detalye tungkol sa pag-uulat ng isang kumpol ng mga kaso sa Pampublikong Kalusugan

7/08/20: Nagdagdag ng mga detalye tungkol sa mga benepisyo sa bakasyon ng empleyado

7/17/20: Nagbigay ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga pantakip ng mukha at mga pagsusuri sa sintomas ng empleyado at bisita

Ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County (Public Health o DPH) ay ipinagtitibay ang isang niyugtuang pamamaraan (staged approach), suportado ng siyensya (science) at kaekspertuhan sa pampublikong kalusugan (public health expertise), na nakahanay sa planong-daan (roadmap) ng California upang payagan ang ligtas na muling pagbubukas ng mga pampublikong splash pad.

**Ang mga splash pad na matatagpuan sa loob ng mga parke ng libangan (amusement park) ay mananatiling sarado hangga't payagang magpatuloy ng binago o ganap na operasyon.**

Ang lahat ng mga operator ng mga pampublikong splash pad na sakop ng gabay na ito ay dapat na ipatupad ang lahat ng mga naaangkop na hakbang na nakalista sa ibaba, bilang karagdagan sa anumang kaugnay na seskyon mula sa mga Pampublikong Protokol ng Palanguyan (Swimming Pool), at maghandang ipaliwanag kung bakit hindi naaangkop ang anumang hakbang na hindi ipinatupad.

Dapat tandaan: Ang dokumentong ito ay maaaring i-update kung mayroong available na mga karagdagang impormasyon kung kaya't dapat i-check ng madalas ang LA County website http://www.ph.lacounty.gov/media/Coronavirus/ para sa anumang mga update sa dokumentong ito.

Ang checklist na ito ay sinasaklaw ang:

(1) Mga patakaran at kasanayan sa lugar ng trabaho (workplace/worksite) upang maprotektahan ang kalusugan ng empleyado
(2) Mga hakbang upang matiyak ang pisikal na pagdistansya (physical distancing)
(3) Mga hakbang upang matiyak ang pagkontrol ng impeksyon
(4) Mga hakbang sa komunikasyon sa mga empleyado at publiko
(5) Mga hakbang upang matiyak ang pantay-pantay na akses (equitable access) sa mga kritikal na serbisyo

Ang limang pangunahin na aspetong ito ay dapat na matugunan habang binubuo ng iyong pasilidad ang anumang mga protokol sa muling pagbubukas.

**Ang lahat ng mga negosyo na sakop ng gabay na ito ay dapat na ipatupad ang lahat ng mga naaangkop na hakbang na nakalista sa ibaba at maging handa na ipaliwanag kung bakit ang anumang hakbang na hindi ipinatupad ay hindi naaangkop sa negosyo.**

Retirado - Wala ng Epekto

Retirado - Wala ng Epekto

**Pangalan ng Negosyo:** ______________________

**Address ng Pasilidad:** ______________________

**Petsa ng Pagpaskil:** ______________________

## A. MGA PATAKARAN AT KASANAYAN SA WORKPLACE/WORKSITE PARA MAPROTEKTAHAN ANG KALUSUGAN NG EMPLEYADO (I-CHECK ANG LAHAT NA NALALAPAT SA PASILIDAD)

- ☐ Ang lahat ng maaaring magsagawa ng kanilang mga trabaho mula sa bahay ay inaatasan na gawin ito.
- ☐ Ang mga bulnerableng kawani (mga taong higit sa 65 ang edad, mga taong may malubhang kondisyon sa kalusugan) ay pagkakalooban ng trabaho na maaaring gawin mula sa bahay hangga't maaari.
- ☐ Ang lahat ng mga empleyado ay sinabihan na huwag pumasok sa trabaho kung may-sakit at sundin ang gabay ng DPH para sa sariling pagbubukod (self-isolation) kung naaangkop.
  - Lumikha ng talaan ng sinanay na mga back-up na empleyado.
  - Ang mga manggagawa ay pinagkakalooban ng Impormasyon sa mga benepisyo ng bakasyon na itinaguyod ng amo/employer o gobyerno na maaaring makuha ng empleyado na gagawing pinansyal na mas madali ang pananatili sa bahay. Tingnan ang karagdagang impormasyon sa mga programa ng gobyerno na sumusuporta sa bakasyon dahil sa pagkakasakit at kompensasyon ng manggagawa para sa COVID19, kabilang ang mga karapatan ng empleyado sa mga bakasyon dahil sa pagkakasakit sa ilalim ng Families First Coronavirus Response Act at mga karapatan ng empleyado sa mga benepisyong kompensasyon ng manggagawa at pagpapalagay ng pagiging may kaugnayan sa trabaho ng COVID-19 alinsunod sa Executive Order N-62-20 ng Gobernador.
- ☐ Sa oras na napagbigay-alam na ang isa o higit pang mga empleyado ay nasuring positibo para sa, o nagkaroon ng mga sintomas katulad ng COVID-19 (kaso), ang amo o employer ay may plano o protokol na inihanda upang ang (mga) kaso ay maibukod ang kanilang mga sarili sa bahay at mangailangan ng agarang pag-quarantine sa sarili ang lahat ng mga empleyado na nagkaroon ng pagkakalantad sa (mga) kaso sa workplace. Ang plano ng amo o employer ay dapat na isaalang-alang ang isang protokol para sa lahat ng mga na-quarantine na empleyado na magkaroon ng akses sa o masuri para sa COVID-19 upang matukoy kung nagkaroon ng karagdagang mga pagkakalantad sa workplace, na maaaring kailanganin ng karagdagang mga hakbang sa pagkontrol ng COVID-19. Tingnan ang gabay ng pampublikong kalusugan sa pagtugon sa COVID-19 sa lugar ng trabaho.
- ☐ Sa kaganapan na ang may-ari, tagapamahala, o operator ay may nalaman na tatlo (3) o higit pang mga kaso ng COVID-19 sa loob ng workplace sa tagal ng 14 na araw, ang amo o employer ay dapat na iulat ang pagsiklab na ito sa Public Health sa (888) 397-3993 o (213) 240-7821. Kung ang isang kumpol ay kinilala sa worksite, pasisimulan ng Public Health ang isang kumpol na pagtugon na kinabibilangan ng pagkakaloob ng gabay at rekomendasyon sa pagkontrol ng impeksyon, suportang teknikal at partikular sa lugar (site-specific) na mga hakbang sa pagkontrol. Isang tagapamahala sa kaso ng Public Health ay itatalaga sa kumpol na imbestigasyon upang tulungan ang pagtugon ng pasilidad.
- ☐ Ang mga pag-iiskrin sa empleyado ay isinagawa bago maaaring pumasok sa espasyo ng trabaho ang mga empleyado. Kasama sa pagsusuri ay ang berbal na pagtatanong (check-in) tungkol sa

ubo, pangangapos ng hininga, kahirapan sa paghinga at lagnat o panggiginaw, at kung ang empleyado ay nagkaroon ng pakikisalamuha o kontak sa isang tao na nahawaan ng COVID-19 sa huling 14 na araw. Ang mga pagsusuring ito ay maaaring gawin nang malayuan (remotely) o personal sa pagdating ng empleyado. Isang pagsusuri sa temperatura ay dapat din gawin sa lugar ng trabaho kung magagawa.

☐ Ang mga empleyado na may pakikisalamuha o kontak sa ibang mga tao ay inaalok, nang walang gagastusin, ng isang naaangkop na pantakip ng mukha na tumatakip sa ilong at bibig. Ang pantakip ay dapat na isuot ng empleyado sa lahat ng oras sa araw ng trabaho kapag nakikisalamuha o malamang na makisalamuha sa ibang mga tao. Ang mga empleyado na inutusan ng kanilang medikal na tagapagbigay (medical provider) na hindi sila dapat magsuot ng isang pantakip ng mukha ay dapat na magsuot ng panangga ng mukha (face shield) na may maluwag na tela (drape) sa ibabang dulo, para sumunod sa mga direktiba ng Estado, hangga't ang kanilang kondisyon ay pinahihintulutan ito. Isang maluwag na tela na akma sa ilalim ng baba ay mas mainam. Ang mga maskara (mask) na may mga one-way valve ay hindi dapat gamitin. Ang mga empleyado ay hindi kailangan magsuot ng isang pantakip ng mukha kapag ang empleyado ay mag-isa sa isang pribadong opisina o kubiko na may solidong partisyon o panghiwalay na lagpas sa taas ng empleyado kapag nakatayo.

☐ Ang mga empleyado ay inatasan na labahan o palitan araw-araw ang kanilang mga pantakip ng mukha (face coverings).

☐ Ang mga empleyado ay hindi kailangan na magsuot ng isang telang pantakip ng mukha (cloth face covering) kapag nasa tubig.

☐ Ang mga panandaliang pamamahinga (breaks) ay salitan (staggered) upang matiyak na ang anim (6) na talampakan sa pagitan ng mga empleyado ay napapanatili sa mga silid sa panandaliang pamanahinga (break rooms) sa lahat ng oras.

☐ Ang mga empleyado ay pinagbabawalan na kumain at uminom saanman maliban sa mga itinalagang break room upang matiyak na ang mga maskara o face covering ay patuloy at wastong isinusuot.

☐ Ang pandisimpekta at mga kaugnay na supply ay available sa mga empleyado sa (mga) sumusunod na lokasyon:

____________________________________________

☐ Ang hand sanitizer na epektibo laban sa COVID-19 ay available sa lahat ng mga empleyado sa (mga) sumusunod na lokasyon:

____________________________________________

☐ Ang mga empleyado ay pinahihintulutan mag-break para hugasan ang kanilang mga kamay.

☐ Ang isang kopya ng protokol na ito ay naipamahagi na sa bawat empleyado.

☐ Opsyonal – Ilarawan ang iba pang mga hakbang:

____________________________________________

## B. MGA HAKBANG UPANG MATIYAK ANG PHYSICAL DISTANCING

☐ Limitahin ang paggamit ng pasilidad ng splash pad upang matiyak na ang mga gumagamit ay nakapagpapanatili ng 6 na talampakang physical distancing mula sa mga taong hindi nila kasamang naninirahan. Gamit ang ratio na 1 bisita kada 36 square feet ng lugar ng splash pad ay makakatulong na tukuyin ang limitasyong ito.

Retirado - Wala ng Epekto

- Tukuyin ang kasalukuyang splash pad square feet: ___________ Tukuyin ang bilang ng mga bisita na papayagan gamit ang 1 bisita kada 36 square feet: _________
- Isaalang-alang ang mga reserbasyon sa paggamit ng splash pad.

☐ Magtalaga ng (mga) tao na responsable para sa pagmomonitor at pagsisiguro na ang pinakamaraming (maximum) bilang ng mga taong gumagamit ng splash pad ay hindi lalagpas sa itinakda sa itaas. Ang itinalagang tao ay responsable rin na siguruhin na ang mga protokol na ito ay sinusunod araw-araw. Isang karatula ay mag-aatas rin sa mga magulang para makatulong sa pagsigurado na ang mga bata ay sumusunod sa physical distancing at sa paggamit ng mga cloth face covering para sa mga bata na 3 taong gulang pataas kapag sila ay wala sa tubig.

☐ Isaayos ang mga linya na may mga marka o iba pang mga pamamaraan upang makatulong sa pagsigurado ang physical distancing habang naghihintay pumasok sa Splash Pad.

☐ Itatag ang mga oras ng operasyon ng Splash Pad upang pahintulutan ang wastong pagmomonitor.

☐ Dapat na gumamit ng mga harang (barriers) para bakuran ang lugar ng Splash Pad upang makontrol ang pasukan at labasan.

☐ Ang mga lugar ng upuan ng Splash Pad ay dapat na tanggalin o kordonan (cordoned) para pagbawalan ang mga pagtitipon.

☐ Ang mga hakbang upang matiyak na ang panlipunang pagdistansya (ang mga indibidwal ay nananatiling hindi bababa sa 6 na talampakan ang layo mula sa mga taong hindi nila kasamang naninirahan) ay naipatupad na.

☐ Ang mga silid ng bihisan (changing room) at mga banyo ay minomonitor upang siguruhin na ang bilang ng mga taong sabay-sabay na nasa loob ay nagpapahintulot ng wastong physical distancing.

☐ Ipinagbabawal ang mga pagsalo-salo (party) o pagtitipon maliban sa iisang sambahayan sa lahat ng mga karaniwang lugar kabilang ang splash pad.

## C. MGA HAKBANG UPANG MATIYAK ANG PAGKONTROL NG IMPEKSYON

☐ Kumonsulta sa kompanya o inhinyero na nagdisenyo ng pantubig na lugar (aquatic venue) upang mapagpasyahan kung aling listahan ng mga pandisimpekta na aprubado ng EPA ang pinakamahusay para sa aquatic venue.

☐ Ang mga antas ng klorin (chlorine level) ay dapat na suriin bawat oras at ang mga PH level ay dapat na suriin dalawang beses sa isang araw o mas madalas pa kung kinakailangan. Ang kimika (chemistry) ng tubig ay dapat na higitan ang mga minimum na rekomendasyon.

☐ Para sa mga pasilidad na hindi na tumatakbo, bugahan (flush) ng tubig ang bawat mainit at malamig na kagamitang pantubig sa loob ng limang minuto bago muling magbukas upang mapalitan ang lumang tubig sa mga tubo ng pasilidad gamit ang isang sariwa at ligtas na supply ng tubig.

☐ Ipatupad ang isang plano sa paglilinis at pagdidisimpekta para sa bawat paggamit ng mga madalas na hawakan na ibabaw at sa mga pinagsasaluhang bagay. Gumamit ng pandisimpekta na aprubado ng EPA. Ang sumusunod ay lilinisin at didisimpektahin nang madalas sa sumusunod na schedule:

- Mga hawakan ng pinto at ibabaw ng mga banyo, mga estasyon sa paghuhugas ng kamay, mga estasyon sa pagpapalit ng lampin, at mga shower ___________________
- Mga karaniwang pasilidad na ginagamit (hal., mga locker) ____________________

Retirado - Wala ng Epekto

- Mga banyo at mga shower ___________________________________________
- Iba pa ____________________________________________________________

☐ Isara ang mga lugar kung kinakailangan para sa paglilinis at pagdidisimpekta.

- Tanggalin ang mga basura at dumi, bugahan (blow) o walisan ang mga lugar. Inspeksyunin at iulat ang anumang mga posibleng panganib.
- Siguruhin na ang lahat ng mga alisan ng tubig (drains) ay walang mga dumi, mga bato, mga salamin, o iba pang mga labas (foreign) na bagay.

☐ Ang mga bisita na dumarating sa establisyemento ay pinaaalalahanan na magsuot ng pantakip ng mukha sa lahat ng oras (maliban habang kumakain o umiinom, kung naaangkop) habang nasa establisyemento o sa nasasakupang lupa ng establisyemento. Ito ay naaangkop sa lahat ng mga adulto at sa mga bata na 2 taong gulang at mas matanda pa. Ang mga indibidwal lamang na inatasan ng kanilang medikal na tapagbigay (medical provider) na huwag magsuot ng pantakip ng mukha ang hindi saklaw na magsuot nito. Para suportahan ang kaligtasan ng iyong mga empleyado at iba pang mga bisita, ang isang pantakip ng mukha ay dapat may magamit ng mga bisita na dumarating na wala nito.

☐ Ang mga telang pantakip ng mukha ay hindi inaatas habang nasa tubig.

☐ Ang mga pagsusuri sa síntomas ay isinasagawa bago ang mga bisita ay maaaring makapasok sa splash pad. Ang mga pagsusuri ay dapat na kabilangan ng berbal na pagtatanong (check-in) tungkol sa ubo, pangangapos ng hininga, kahirapan sa paghinga at lagnat o panggiginaw. Ang mga pagsusuring ito ay maaaring gawin nang personal o sa pamamagitan ng mga alternatibong pamamaraan tulad ng mga sistema ng on-line check in o sa pamamagitan ng karatula na nakapaskil sa pasukan ng pasilidad na nagsasaad na ang mga bisita na may mga síntomas na ito ay hindi dapat pumasok sa lugar

☐ Siguruhin ang sapat na mga supply para sumuporta sa malusog na kalinisan ng katawan sa lahat ng oras. Ang mga supply ay kinabibilangan ng sabon, hand sanitizer na may 60% alkohol, mga tuwalyang papel, mga tisyu at mga basurahan.

☐ Ang mga bukal na inuman (drinking fountain) ay natatakpan para maiwasang gamitin.

☐ Ang mga indibidwal ay dapat na magdala ng sarili nilang mga pagkain at inumin na hindi dapat pagsasalu-saluhan ng mga miyembro na labas ng sambahayan.

☐ Ang mga tampok na madalas hawakan (high touch features) na maaaring gamitin ng mga bata tulad ng mga kanyon ng kamay (hand cannon) ay dapat na isara, takpan, o tanggalin.

☐ Walang mga personal na laruang pantubig (water toys) ang papayagan sa anumang oras sa lugar ng splash o sa paligid nito.

☐ Ang mga bagay na dinala sa splash pad ay hindi dapat mapagsaluhan ng ibang mga tao na nasa labas ng sambahayan.

☐ Ang mga indibidwal ay hinihikayat na magdala ng sarili nilang mga tuwalya sa splash pad at hindi dapat ipahiram ang mga tuwalya sa mga taong nasa labas ng kanilang sambahayan.

Retirado - Walang Epekto

## D. MGA HAKBANG SA KOMUNIKASYON SA MGA EMPLEYADO AT PUBLIKO

☐ Ang isang kopya ng protokol na ito ay nakapaskil sa lahat ng mga pampublikong pasukan sa pasilidad ng splash pad.

☐ Isang karatula ay nakapaskil sa bawat pampublikong pasukan sa pasilidad ng splash pad para ipagbigay-alam sa mga gumagamit na:

- Manatili sa bahay kung sila ay may sakit o may mga sintomas na palatandaan ng COVID-19.
- Magpanatili ng panlipunan pagdistansya na anim na talampakan mula sa mga hindi miyembro ng sambahayan hangga't maaari at huwag sumali sa anumang hindi kinakailangang pisikal na pakikisalamuha sa splash pad. Ang mga magulang ay dapat na tulungan ang kanilang mga anak sa pagsunod sa mga rekomendasyong ito.
- Madalas hugasan ang mga kamay o gumamit ng sanitizer sa pagpasok sa splash pad.
- Magsuot ng face covering kapag naglalakbay sa mga karaniwang lugar ng pasilidad, kabilang ang papunta at pagmula sa splash pad at sa mga napagsasaluhang banyo. Paalalahanan ang mga bata na tanggalin ang telang pantakip ng mukha kapag pumapasok sa splash pad.

## E. MGA HAKBANG UPANG MATIYAK ANG EQUITABLE ACCESS SA MGA KRITIKAL NA SERBISYO

☐ Ang mga serbisyo na kritikal sa mga tagapagtangkilik/residente ay binigyan ng prayoridad.

☐ Pinasimulan ang mga hakbang para siguruhin ang akses sa mga kalakal at serbisyo para sa mga tao na may mga limitasyon sa pagkilos at/o nasa mataas na panganib sa mga pampublikong lugar.

Maaari ka ring makahanap ng gabay mula sa Mga Sentro ng Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit (Centers for Disease Control & Prevention) para sa panlipunang pagdistansya at mga paraan sa pagdisimpekta ng pasilidad/ibabaw sa https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/php/water.html.

Retirado - Wala ng Epekto